lāgi' kaina'an
Subay maupiksa' sin kakaun
sin kaanakan
Ayaw pasaran kumaun
sin wayruun kapūsan
Sagawa' adja'an sin kakaun
makarayaw sin pamaranan.



Nilalaman	Pahina
I - Ang Kahalagahan ng Pagkain sa Katawan . . .	56
II - Mga Pagkainng Para sa Isang Nagdadalanta	56
III - Ang Pagpapakain sa Sanggol	60
IV - Mga Resipe Para sa Pagkain ng Sanggol . . .	64
V - Menu Para sa Matatanda	70
VI - Ang Tatlong Pangkat ng Pagkain	72
VII - Mga Resipe	73

Ang Kahalagahan ng Pagkain sa Katawan ng Tao

Kailangan ng tao ng pagkain kung paanong kailangan ng trak ng gasolina. Hindi mabubuhay ang tao ng walang pagkain. Ang katawan ng tao ay tulad sa makina na hindi makagagawa nang husto kung may kulang itong bahagi. Ang pagkain ng tao ay kailangang timbang upang maging masigla, malakas at upang magkaroon pa rin siya ng malusog na pangangatawan at kaisipan. Kaya, kailangan ng lahat ng tao na bigyan ng kaukulang pansin ang kanilang kinakain. Dapat silang kumain ng wastong pagkaing kailangan ng kanilang katawan.

Ang aklat na ito ay naglalaman ng tungkol sa tatlong pangunahing pangkat ng pagkain na kailangan ng katawan. Matututunan din sa aklat na ito ang uri ng pagkain na mabuti para sa mga sanggol, mga nagdadalantao at matatanda. Bukod sa rito, may mga tip din tungkol sa pagkain, mga resipe (paraan ng pagluluto) na makapagbibigay kasiyahan sa mga habae.

Mga Pagkaing Kailangan ng Isang Nagdadalantao

Kailangang maging mapili ang isang nagdadalantao sa uri ng pagkaing kakainin niya. Kailangan siyang kumain ng maraming ulam tulad ng isda, itlog, karneng baka, at manok; mga gulay tulad ng kangkong, malunggay, petsay, dilaw na kalabasa, at hinog na mga prutas o bungangkahoy. Kung ang isang nagdadalantao ay kakain ng masustansiya at balanseng pagkain, hindi lamang siya ang lulusog kundi pati na rin ang sanggol na nasa kanyang sinapupunan. Kaya, kailangan ng isang nagdadalantao na asikasuhin nang mabuti ang kanyang pagkain.

AMINA: Mukhang nangangayayat ka, Sulma?

SULMA: Nagdadalantao kasi ako, e.

AMINA: Kailan pa?

SULMA: Mga dalawang buwan na. Marahil, ang aking kawalan ng ganang kumain ang dahilan ng pangangayayat ko. Kung minsan, kapag kumain ako, isinusuka ko pa iyon.

AMINA: Aba, kailangan mong pangalagaan ang iyong kalusugan. Pilitin mong kumain, Sulma. Magka-kasakit ka kung hindi ka kakaing mabuti. Isa pa, maaaring ang hindi mo pagkain ay makasama pa sa kalusugan ng sanggol na nasa iyong sinapupunan sa dahilang ang pagkain lamang ng sanggol ay ang iyong kinakain. Ayon sa mga doktor, ang utak ng sanggol ay unti-unting lumalaki sa mga unang tatlong buwan ng pagdadalantao. Kaya, kung hindi masustansiya at nakapagpapalusog ang kakanin ng isang nagdadalantao, hindi magiging ganap ang paglaki ng utak ng sanggol na kanyang isisilang.

SULMA: Pero paano naman ako makakakaing mabuti, gayong isinusuka ko lamang ang bawa't kanin ko.

AMINA: Ganito ang dapat mong gawin upang hindi mo isuka ang bawa't kakanin mo. Kailangang unti-unti ang pagkain ng anumang uring pagkain. Sa sandaling bumuti na ang iyong pakiramdam saka mo ipagpatuloy ang iyong pagkain. Pilitin mong makakain kahit wala kang gana. Dapat mong tandaang hindi lamang ang iyong kalusugan ang maaapektuhan kundi pati na rin ang sanggol na nasa iyong sinapupunan. Tungkol naman sa uri ng pagkaing kakanin mo, makabubuti sa iyo ang bigas na hindi masyadong kiskis o iyong tinatawag na pinawa. Higit na mabuti ang bigas na ito kaysa bigas na kiskis. Bukod sa rito, mainam ang ganitong uri ng bigas para sa mga taong may beriberi. Kapag may gana ka nang kumain, kumain

ka ng maraming isda, karneng baka, itlog, at mga gulay na tulad ng kangkong, petsay, malunggay, alugbati at talbos ng kamote.

SULMA: Naku, tila mahirap yata iyan. Hindi ko kayang bumili ng karneng baka at itlog araw-araw.

AMINA: Hindi mo naman kailangang kumain ng karneng baka at itlog araw-araw. Maaaring dalawa o minsan lamang ang pagkain ng mga iyon sa loob ng isang linggo. Gayunman, kung wala kang ibibili ng karneng baka at itlog, maaari kang kumain ng habitsuwelas, sitaw, mani, balatong at mga gulay na nabanggit ko na gayundin ng iba't ibang uri ng prutas. Tulad ng sustansiyang nakukuha sa karneng baka ang sustansiyang dulot ng mga ito sa katawan. Makabubuti rin kung iinum ka ng bitamina para suplemento.

SULMA: Ayon sa sabi-sabi, nakapagpapalaki at nakapagpapataba raw sa sanggol ang mga bitamina.

AMINA: Naku, hindi totoo iyan! Ang pagkain ng ina ng maraming kanin ang nakapagpapataba sa sanggol. Kaya, iwasan mo ang pagkain ng maraming kanin. Ang bitamina ang nakapagpapalakas sa sanggol. Kaya, damihan mo ang pagkain ng maraming ulam, gulay at prutas.

Mga Tip sa Isang Nagdadalantao:

- (1) Nagkakaroon ng beriberi ang isang nagdadalantao sa dahilang kulang ng bitamina B₁ ang pagkainang kinakain niya.
- (2) Huwag maniniwala sa sabi-sabi na kapag saw kumain ng kambal na saging ang isang nagdadalantao, manganganak din siya ng kambal. Hindi totoo ito ayon sa mga doktor.
- (3) Malimit na ang pagkaing kinasasabikang kanin ng isang nagdadalantao ay hindi ang pagkaing kailangu ng kanilang katawan at ng hindi pa naipanganangak na sanggol. Maaaring hindi maging mabuti ang epekto ng ganoong uri ng pagkain sa kausapang ng isang nagdadalantao at sa isisilang na sanggol.

- AMINA: Hoy, kailan ka pa nanganak, Sulma?
- SULMA: Mga tatlong linggo na ang nakararaan.
- AMINA: Mataba ka at masigla, a!
- SULMA: Totoo. Kung hindi ko sinunod ang payo mo, hindi marahil bubuti nang ganito ang aking kalusugan. Marahil, masasaktin akong tulad noong ipanganak ko ang aking panganay. Nguni't ngayon, hindi ako naghirap sa panganganak. Masigla ako ngayon pagkatapos kong makapanganak.
- AMINA: Masustansiya at balanseng pagkain ang kinain mo matapos kang makapanganak. Ang mga iyon ang dahilan kaya ka malusog at masigla. Ang mga iyon ang kailangan ng iyong katawan. Ang mga iyon din ang kailangan ng mga babaeng nagdadalantao.
- SULMA: Totoo ang mga sinabi mo sapagka't naranasan ko mismo iyon. Malusog din pati na ang aking sanggol. Nagpapasalamat ako nang marami sapagka't nabanggit mo sa akin ang mga iyon.

Mga Pagkain Para sa
Nagdadalantao

ALMUSAL

sinangag na dilis	1/4 tasa
tortang itlog	1
kanin	1 1/2 tasa
gatas	1 baso

MERYENDA SA UMAGA

pritong kamoteng baging na may	5-10 piraso
sawsawang asukal na pula	1 kutsarita

TANGHALIAN

tulya na may dahon ng malunggay	1 mangkok (1 tasang laman ng tulya)
pritong isdang matangbakang malaki	
kamatis na hinog	1 malaki

MERYENDA SA HAPON

nilagang maning binalatan 1/2 tasa

KAPUNAN

isda/manok na nilaga 1 mangkok o
na may mahigit pa
kangkong 1 tasang kangkong
sitaw 1 tasang sitaw
sampalok/kamatis
kanin 1 1/2 tasa
papayang hinog 1 hiwa

MERYENDA SA GABI

gatac 1 baso na may
 1 kutsaritang
 asuka

ANG PAGPAPAKAIN SA SANGGOL

Ang pagiging malusog ng sanggol ay nakasalalay sa mabuting pagkain ibinitigay sa sanggol. Kung masustansiyu at mabuting uring pagkain ang kinakain ng sanggol, magiging mabibilis ang kanyang paglaki. Magiging malakas at masigla ang kanyang pangangatawan sukakawid, hindi siya laging magkakarakit. Kaya, pag-ukulan ng panin ang pagpapakain sa inyong sanggol.

FATIMA: Minang, napakataba si nakakauwa ang iyong sanggol. Tlang taon na siya?

ABRERA: Ilimang buwan pa lang.

FATIMA: Siyanga? Malaking di hamak ang 'yong anak kayna anak na aking kapatid na si Karum. Magpipitong buwan na ang sanggol niya. Anong gatas ang ipinainom mo sa iyong sanggol, Minang?

ARMINA: Sa akin ko siya pinasususo. Ayon sa doktor, higit daw na mainam kaysa anumang uri ng gatas na nabibili ang gatas ng ina. Yan, kung hindi masasaktin ang ina.

FATIMA: Siyanga pala! Sa bote pinainom ni Karsum ng gatas ang kanyang sanggol. Malimit na nagkukurso ang sanggol kahit gatas lamang ang ininom niya.

ARMINA: Sanhi marahil iyon ng pagiging marumi ng bote. Batid nating kailangan munang pakuluan ang bote sapagka't maaaring dinapuan na iyon ng langaw o kaya ng anumang uri ng dumi. Dahil dito maaaring mainom ng sanggol ang manga mikrobyo. Kung minsan din nalimutan nating linisin ang bote matapos nating gamitin iyon kaya, umanggo ang biberon. Mahirap maalis ang masamang amoy ng biberon kahit sabunin pang mabuti. Kailangang pinakulo ang tubig na gagamitin sa pagtitimpla ng gatas. Siyanga pala, ano namang gatas ang ipinainom ni Karsum sa kanyang sanggol?

FATIMA: Gatas na malapot. Bakit mo naitanong?

ARMINA: Naku! Sabihin mo kay Karsum na hindi mabuti sa sanggol ang ganoong uri ng gatas. Napakatamis noon at walang gaanong bitamina.

FATIMA: E, ano naman ang mabuting gatas para sa sanggol?

ARMINA: Gaya nga ng sinabi ko na, ang gatas ng ina ang pinakamabuting gatas para sa sanggol. Gayunman, kung inaakala ni Karsum na mas maginhawa para sa kanya ang magpasuso sa bote, ipinapayo kong gatas na pulbos na ang kanyang gamitin.

FATIMA: Ano'ng gagawin mo diyan sa niligis na kalabasang iyan?

ARMINA: Ihahalo ko sa lugaw ni Totoy.

FATIMA: Naku! Pinakakain mo ng kalabasa ang iyong sanggol? Mabuti at hindi sumasakit ang kanyang tiyan.

- ARMINA: Alam mong hindi totoong ang kalabasa ay nagiging sanhi ng sakit ng tiyan ng sanggol. Hindi kailarman nagiging sanhi ng sakit ng tiyan ang kalabasa.
- FATMA: Kailan mo pa binigyan ng ganilyang klaseng pagkain ang iyong sanggol?
- ARMINA: Dadalawang buwan pa lamang si Totoy nang simulan ko siyang pakanin ng lugaw na malabuaw. Nang mag-sapat na buwan na siya, hinaluan ko na ng pula ng itlog at kung minsang hinimay na sinigang na isda ang lugaw na malabuaw. Nang sumunod pang mga araw, pinakain ko siya ng mga gulay tulad ng kangkong, petsay at kalunggay. Niligia ko ang mga iyon. Pagkatapos, inihalo ko sa lugaw na malabuaw. Pinakain ko rin siya ng mga niligia na prutas tulad ng saging, papaya, manggang hinog at abukado.
- FATMA: Anila, ang sanggol daw ay magkakabalati kapag pinakain ng isda.
- ARMINA: Naku, huwag mong paniwalutan ang mga ganilyang sabi-sabi. Magkakabalati ang bata dahil sa duming napapasama sa kanyang kinakain. Kaya, zailangang maging malinis ang mga kagamitan at piuggang ginagamit sa pagbahanda ng pagkain. Gayundin, kailangang malinis ang kamay ng sinumang magbahanda ng pagkain.
- FATMA: Naku, oo nga! Walang ibang ipinakain ni Karsum sa kanyang sanggol kundi gatas. Dalawang araw na, sinubukan niyang pakanin ng lugaw ang kanyang sanggol. Ngunit isinuka lang iyon ng sanggol.
- ARMINA: O, ganito ang pagpapakain sa sanggol ng anumang pagkain basta sa kanya: Una sa lahat, kapag ang apom ang sanggol, huwag gatas kaagad ang bibigay sa kanya. Sa palip, iyong pagkaing bago sa kanya ang ibigay. Ikalawa, unti-unti ang pagbibigay ng nasabing pagkain. Kaya lang, kapag nasamay na ang bata, jagdiagan. Ikatlo, huwag

pipiliting kumain ng pagkaing bago sa kanya ang sanggol nguni't, huwag din namang titigilan ang pagpapakain noon. May mga sanggol na hindi kaagad-agad tumatanggap ng pagkaing bago sa kanya. Maghintay muna hanggang sa magustuhan na ng sanggol ang nasabing pagkain. Ikaapat, kailangang bigyan ng iba't ibang uri ng pagkain ang sanggol. Tulad ng matatanda, magsasawa din ang sanggol kung iyon na nang iyon ang kinakain. Kailangan ding bigyan ang sanggol ng kumpleto at sarisaring uri ng pagkaing kailangan ng kanyang katawan tulad ng kanin, itlog, gatas, gulay, karneng baka, isda at mga prutas.

- FATIMA: E, gatas lamang ang iniinom ng sanggol ni Karsun. Ito marahil ang dahilan kaya payat at mahina ang paglaki ng anak ni Karsum.
- ARMINA: Totoo ngang kailangan ng sanggol ng gatas nguni't hindi sapat ang gatas lamang. Kung kulang o hindi husto ang sustansiya sa pagkaing kailangan ng katawan ng sanggol, magiging mabagal ang kanyang paglaki at hindi mabuti ang kanyang katawan at saka magiging masasaktin siya.
- FATIMA: O, ano naman iyang tila sinangag na kinudkod na niyog na inihalo mo sa lugaw na malapot?
- ARMINA: Ang mga ito ay sinangag na tuyong dilis na aking dinikdik hanggang sa maging pulbos. Ito ay siyang pinakaaisda na inihahalo ko sa lugaw na siya kong ipinakakain sa sanggol.
- FATIMA: Siyanga ba! Hindi ko alam na maaaring pakanin ng ganiyan ang sanggol. Puwede mo ba akong turuan kung paano ang paghahanda niyan o mabuti pa siguro'y isulat mo na lang kung paano ang ginagawa mong paghahanda ng pagkain sa sanggol upang maituro ko kay Karsum.

MGA RESTPE PARA SA PAKKAIN
NG SANGGOL

(1) LUGAW NA MALAPOT NA MAY BINS (ukol sa 2-6 tuwang sanggol)

Mga Sangkap:

tuyong bins	2 kutsarita
bigas	2 kutsarita
tubig	1 tasa
pulbos na gatas o pinulbos na isdang tuyo	1 kutsarita
asukal na pula	1 kutsarita

Paraan ng Pagluluto:

- Ihanda ang pinulbos na bigas at bins. (Sanito ang paghahanda ng bins na pupulbusin: Pakuluan ang bins sa loob ng tatlumpong minuto. Patiktikin. Ibilad sa araw hanggang sa matuyo. Kapag matuyo na dikdikin nang pino. Kung hindi matuyo ang bins sa araw, isangag sa mahinang apoy. Sa gayo'y magiging pino ito kapag pinulbos. Ilago sa isang tuyong lalagyan na may mahigpit na takip.)
- Paghaluin ang galapong na bigas at pinulbos na bins. Lagyan ng kaunting tubig.
- Magsalang ng tubig. Kapag kumukilo na, ilagay ang pinulbos na bins at bigas. Haluing lagi upang hindi tumigas.
- Lagyan ng asukal at pulbos na gatas o pinulbos na dilis na tuyo (sinangag na dilis na tuyo na dinikdik nang pinang-pino.)
- Lutuin sa loob ng 15 minuto hanggang sa maunod ang nais na lapot. Lagyan ng tubig kung kinaka-ilangan (upang hindi tumigan).
- Ihain mainit.

(2) LUGAW NA MALAPOT NA MAY MUNGGONG PULA AT DAHON NG MALUNGGAY (ukol sa 2-6 na buwang sanggol.)

Mga Sangkap:

munggong pula	2	kutsarita
bigas	2	kutsarita
dahon ng malunggay	1/2 tasa	
tubig	2	tasa

Paraan ng Pagluluto:

- a) Ibadad muna sa tubig ang munggong pula sa loob ng dalawang oras upang madaling maluto. Lutuin ang munggo at ang bigas sa loob ng tatlong minuto. Kapag luto na ang munggo at ang bigas, ligisin ang mga iyon.
- b) Pakuluan ang dahon ng malunggay sa loob ng ilang minuto. Ligisin iyon at ihalo sa kanin at munggo.
- k) Kailangang salain muna ang pinaghalong sangkap kung ibibigay sa 2-6 buwang sanggol. Hindi na kailangang salain pa kung sa 7-9 buwang sanggol iyon ibibigay. Ligisin lamang na mabuti.
- d) Ihaing mainit.

(3) MALAPOT NA LUGAW NA KAMOTE NA MAY BERDENG MUNGGO (para sa 2-9 buwang sanggol)

Mga Sangkap:

kamoteng-baging	2	kutsarita
berdeng munggo	2	kutsarita
pulbos na gatas	1	kutsara
asukal	1	kutsara
tubig	1	tasa

Paraan ng Pagluluto:

- a) Ilaga ang berdeng munggo sa kumukulong tubig hanggang sa maluto (mga 30 minuto). Ligisin iyon kapag luto na.

- b) Ilaga ang kamoteng baging sa loob ng 10 hanggang 20 minuto. Talupan at ligising mabuti.
- k) Haluin ang niligis na berdeng munggo at kamote.
- d) Ihalo ang asukal, gatas at tubig pagkatapos ihalo ang niligis na berdeng munggo at kamote. Pagkatapos lutuin nang mga limang minuto. (Lutuin sa hindi masyadong malakas na apoy.)
- e) Ihaing mainit.

(4) MALAPOT NA LUGAW NA BINS NA MAY KASAMANG GULAY

Mga Sangkap:

kamoteng baging (niligis)	2	kutsarita
dahon ng kangkong/petsay	1/4 tasa	
tuyong bins	2	kutsara
tubig	1 1/2 tasa	
asin	1/2 kutsarita	
pulbos na gatas/pinulbos na isda	1	kutsara

Paraan ng Pagluluto:

- a) Ilaga ang bins (1/2 o 1 oras). Ligising mabuti.
- b) Ilaga ang kamoteng baging hanggang malambot duran (10-20 minuto). Talupan at ligising.
- k) Ilaga ang kangkong o petsay sa kumukulong tubig. Lagyan ng kaunting asin. Kapag lutin, ligising mabuti.
- d) Pagsama-samahin ang lahat ng mga sangkap. Pagkatapos, salain muna kung sa 2-6 buwang hanggang ibibigay.
- e) Kanawin sa kalahating tasang tubig ang gatas na pulbos. Lutuin sa loob ng 5 minuto. Haluina lagi upang hindi tumigas.
- g) Ihaing mainit.

(5) NILIGIS NA MANI

Mga Sangkap:

maning talop

1/4 tasa

Paraan ng Pagluluto:

- a) Isangag ang mani sa loob ng mga kalahating oras hanggang pumula o kaya'y bumili ng sinangag na kung may mabibili sa tindahan.
- b) Talupan.
- k) Dikdikin nang pino. Maghugas muna ng kamay bago gawin iyong bola-bola na sinlalaki ng itlog.
- d) Isang bola-bola lamang ang ibigay sa mahigit sa anim na buwang sanggol.
- e) Haluan ng niligis na saging ang maning dinikdik nang pino kung ibibigay ito sa wala pang anim na buwang sanggol.

Paalaala:

Itago ang natirang maning dinikdik nang pino sa isang lalagyang may takip. Huwag bibili ng peanut butter sapagka't hindi iyon mabuti sa sanggol.

(6) FINULBOS NA ISDA

Mga Sangkap:

dilis na tuyo

1 tasa

Paraan ng Pagluluto:

Isangag ang dilis na tuyo sa loob ng 20-30 minuto hanggang malutong. Katamtaman lamang ang init. Pagkatapos, dikdikin ang mga iyon nang pino. Salain. Dikdikin muli ang hindi pa mapino. Itago sa malinis at tuyong lalagyan. Masarap ihalo sa lugaw o sopas.

Isang Halimbawa ng
Pagkain ng Sanggol

ORAS	EDAD NG SANGGOL		
	2-6 buwan	7-9 buwan	10-12 buwan
ALMUSAL			
lugaw na kanin	1/2 mangkok	1 mangkok	1 1/2 mangkok
pula na itlog o hinimay na isda	1/2	1 buo	1 buo
TANGHALIAN			
lugaw na kanin	1/2 pinggan	1 pinggan	1 1/2 pinggan
niligis na munggo o gulay na dahon	2 kutsara	4 kutsara	6 kutsara
isda/manok na hinimay	1 kutsara	1 1/2 kutsara	2 kutsara
niligis na papaya, manggo, saging	4 kutsara	6 kutsara	8 kutsara
HAPUNAN			
niligis na kamoteng baging	2 kutsara	3 kutsara	4 kutsara
pinulbos na isda	1/2 kutsara	1 kutsara	2 kutsara

UMINOM NG GATAS ARAW-ARAW

- kailangang uminom ng gatas ang mga sanggol at mga bata araw-araw upang maging mabilis ang kanilang paglaki.
- kailangang uminom ng gatas ang mga inang nagdadalantao para sa paglaki ng isisilang na sanggol.
- kailangang uminom din ng gatas ang mga inang nagpapasuso upang manumbalik ang kanilang kalusugan matapos magluwal at upang magkaroon din ng maraming gatas.
- kailangan ng matutanda ng gatas upang mamalaging malurog.

ANG KAHALAGAHAN NG GATAS SA KALUSUGAN NG ISANG TAO (Ang kabutihang naidudulot ng gatas sa katawan ng isang tao)

- 1) nakapagpapatigas ng buto at mga ngipin.
- 2) tumutulong megpatangkad sa mga bata.
- 3) tumutulong sa dagling paggaling ng maysakit.
- 4) nakapagpapalakas sa katawan.
- 5) tumutulong sa dagling pamumuo ng dugo.
- 6) tumutulong sa pagiging malinaw ng mga mata.
- 7) nakapagpapakinis ng kutis.
- 8) nakapagpapagana sa pagkain.
- 9) tumutulong sa normal na pagtumaw ng pagkain.
- 10) tumutulong na mapanatiling maging malusog ang sistema ng nerbiyos.

MGA TIP TUNGKOL SA WASTONG PAGKAIN:

- 1) Uminom ng 8-10 basong tubig sa loob ng isang araw upang maging normal ang pagtumaw ng pagkain.
- 2) Kumain ng sariwang gulay at prutas. Nagtataglay ng maraming bitamina ang mga ito.
- 3) Kumain ng berdeng mga gulay, hinog na mga bungang-kahoy. Nagtataglay ng maraming bitamina ang mga ito.
- 4) Hugasan ang mga gulay bago hiwain.
- 5) Huwag ibabad ang gulay sa tubig. Huwag ring pipigain tulad ng ampalaya.
- 6) Takpang lagi ang gulay nguni't huwag iyong lalabugin.
- 7) Huwag hihiwain nang maliliit ang gulay.

TSANG HALIMBAWA NG MENU PARA SA MATATANDA

	LINGGO	TINEG	MARTES
AIMORSAL	pritong itlog	paksiw na isda	inihaw na isda
	tinapay	sinangag na kanin	sinangag na kanin
	tsa/kape	tsa/kape	tsa/kape
UMAGA Meryenda	kutsinta	nilagang kamoteng baging	tinapay o kaya'y biskwit
	tsa na may katas ng kalamansi	katas ng kalamansi	katas ng pinya
TANGHALIAN	tinolang manok na may papaya at talbos ng sili	nilagang baka na may sulay	tinolang isda na may talbos ng kamote
	kanin	kanin	kanin
	saging	pinya	pakwan
HAPON Meryenda	nilagang raba	pritong raba	hotcake
	tsa/kape	tsa/kape	tsa/kape
HAPUNAN	tinolang isda	pritong isda	nilagang baka na may habitsuwelas
	kangkang na ginuling	petsay at kalabasa na ginuling	
	kanin	kanin	kanin
	papayang hinog	papayang hinog	abukadong may gatas
INUMIN BAGO MAYULOG	gatas	gatas	gatas

MIYERKOLES	HUWEBES	BIYERNES	SABADO
malapot na lugaw na kanin pritong isda	nilagang itlog tinapay	tinapay na may palamang keso	karneng baka kanin
tsa/kape	tsa/kape	tsa/kape	tsa/kape
ginatan	mamon katas ng pinya	prutas gatas	pritong kamoteng baging
inihaw na isda	pritong isda	tinilang isda	sopas ng tulya na may dahon ng malunggay
kangkong na ginuling kanin papayang hinog	ginatang kalabasa kanin saging	talong na ginuling kanin prutas (na napapanahon)	pritong karneng baka kanin prutas
kukis tsa/kape	suman kape	puto tsa	ginatan
manok na may sutanghon petsay	pritong isda nilagang talangka gulay ginuling	paksiw na isda ampalaya na ginuling	tinolang isda na may kangkong o petsay
kanin letse plan	kanin guyabano	kanin prutas (na napapanahon)	kanin saging
gatas	gatas	gatas	gatas

I - MGA PAGKATNG NAKAPAGPAPATABA NG KATAWAN

kanin	tinapay
mais	dyam/dyeli
kamote	gata ng niyog
saging	kukis o biskwit
mantika	sorgum

II - MGA PAGKATNG NAKAPAGBIBIGAY-LAKAS

karneng baka	gatas
manok	bins
itlog	mani
lamang-dagat	atay ng baka
isda	talangka

III - MGA PAGKATNG NAKATUTULONG SA PANUNAW

pinya	ampalaya
papayang hinog	kalabasa
bayabas na hinog	petsay
sitaw	kangkong
malunggay	kamatis

ILANG MGA TIP TUNGKOL SA NUTRISYON:

- 1) Kumain ng iba't ibang uri ng pagkain araw-araw. Sapagka't hindi lamang iisang uri ng pagkain ang nakapagdudulot ng lahat ng sustansiyang kailangan ng katawan.
- 2) Kumain ng wastong dami ng pagkain upang mapanatili ang maabuting kalusugan.
- 3) Magsabon ng kamay bago magluto o kaya'y bago kumain. Maghugas din ng kamay pagkapanggaling sa kasilyas.
- 4) Mag-alaga ng mga manok, kambing, at baka upang makakain ng itlog at makainom ng gatas araw-araw. Ang labis na kita naman ay maibibili ng ibang pagkaing kailangan ng katawan.
- 5) Magtanim ng mga gulay tulad ng kangkong, sitaw, petsay, ampalaya at kamote o kamoteng-kahoy sa inyong bakuran. Magtanim din ng mga prutas tulad ng papaya, saging, pinya, at bayabas.

MGA RESIPE

ADOBO (Manok)

Mga Sangkap:

- 1 manok na katamtaman ang laki
- 1/2 tasang suka
- 10 butil na bawang (dinikdik)
- asin
- paminta
- mantika
- dahon ng bay
- 2 tasang tubig

Paraan ng Pagluluto:

- 1) Putul-putulin ang manok matapos balahibuhan at himulmulan.
- 2) Timplahan ng asin, bawang at paminta.
- 3) Ilagay sa isang palayok. Thulog ang dahon ng bay, suka at tubig.
- 4) Takpan at lutuin hanggang sa lumambot ang manok at maiga ang sabaw.
- 5) Lagyan ng mantika.

KALDERETA

Mga Sangkap:

- 1 kilong karneng kambing (hiniwa ng katamtamang laki)
- 1 tasang mantika
- 5 butil na bawang (dinikdik)
- 1 malaking sibuyas
- 6 kamatis (hiniwa)
- 2 itlog na nilagang matigas (hiniwa)
- 6 patatas (bawat isa hiwain ng apat na bahagi)
- paprika, asin at paminta

I tasang gisantes (de lata)
 pimiyentos (hiniwa)

Paraan ng Pagluluto:

- 1) Painitin ang mantika. Igisa ang bawang, sibuyas at kamatis.
- 2) Isama ang ulam, paprika, asin at paminta.
- 3) Kapag malapit nang maluto, ilipat sa isang malalim-lalim na kawali.
- 4) Hayaan hanggang sa lumambot na nang kaunti ang karne.
- 5) Isama ang patatas.
- 6) Kapag malambot na ang karne at ang mga patatas, isama ang pimiyentos at gisantes.
- 7) Kapag luto na, ilipat sa isang malaking pinggan. Ilagay ang hiniwang itlog sa ibabaw.

PRITONG MANOK

Mga Sangkap:

- | | |
|----|------------------------|
| 1 | manok (hiniwa) |
| 10 | ulo ng bawang dinikdik |
| 2 | kutsarang suka |
| 1 | kutsarang toyo |
| | asin at paminta |

Paraan ng Pagluluto:

- 1) Pagsamahin ang bawang, suka, toyo, asin at paminta.
- 2) Babad ang manok sa mga sangkap na nabunggit sa (1). Hayaan nakababad ang manok sa loob ng isang oras.
- 3) Patuluin ang mga piraso ng manok at iprito sa mainit na mainit na mantika. Hayaan ma-init sa katamtamang init lamang.

MANOK DEKARI

Mga Sangkap:

- 1 manok
- 1/2 kutsaritang pulbos dekari
- 1/2 tasang purong gata ng niyog
- 2 kutsarang mantika
- 2 1/2 tasang malabnaw na gata ng niyog
- 1 sibuyas
- asin at paminta

Paraan ng Pagluluto:

- 1) Baliin ang tadyang ng manok.
- 2) Timplahan ng asin.
- 3) Tadtarin nang pino ang sibuyas.
- 4) Iprito ang manok.
- 5) Igisa ang sibuyas.
- 6) Pagsama-samahin ang manok, malabnaw na gata ng niyog at ang pulbos dekari.
- 7) Lutuin hanggang sa lumapot ang sabaw. (Lagyan ng kaunting harina kung malabnaw pa rin ang sabaw.)
- 8) Kapag malapit na matuyo ang sabaw, ilagay ang malapot na gata ng niyog.
- 9) Timplahan ng asin at paminta.

PAKSIW (ISDA)

Mga Sangkap:

- 1 isdang katamtaman ang laki
- 1 berdeng sili
- 1/2 tasang tubig
- 1/2 tasang suka
- 1 luya
- 1 kutsaritang mantika
- asin

Paraan ng Pagluluto:

- 1) Ilagay ang isda sa isang kaldero o palayok. Isama ang suka, luya, asin at berdeng sili. Pagkatapos, pakuluin.
- 2) Tubigan at lagyan ng mantika kapag kumukulo na.
- 3) Ahunin sa apoy kapag luto na ang isda. Ihaing malamig.

KAMARON REBOSADO

Mga Sangkap:

- | | |
|----|--------------------|
| 15 | hipon |
| 4 | itlog |
| 3 | kutsaritang harina |
| 4 | kalamansi |
| | asin |

Paraan ng Pagluluto:

- 1) Talupan ang hipon. Huwag aalisin ang ulo at buntot.
- 2) Gupitin ang sungot.
- 3) Timplahan ng asin. Pagkatapos, lagyan ng katas ng kalamansi.
- 4) Pagulungin sa harina.
- 5) Isawsaw sa binating itlog.
- 6) Iprito sa mainit na mantika. Thulog sa kawali kapag mainit na ang mantika.

UKOY NA MAY HIPON

Mga Sangkap:

- | | |
|-----|-----------------------------------|
| 1 | tasang ginadgad na papaya |
| 20 | nilagang hipon |
| 1/2 | kutsaritang asin |
| 1 | tasang harina o galapong na bigas |
| 1 | sibuyas (tinadtad nang pino) |
| 2 | itlog (binating mabuti) |
| | suka, paminta, bawang, at asin |
| 76 | 1 tasang katas ng hipon |

Paraaan ng Pagluluto:

- 1) Ibihos ang 1/4 tasang tubig sa harina pagkatapos, ilagay ang katas ng hipon, sibuyas, itlog at asin.
- 2) Haluing mabuti hanggang sa wala nang buu-buo. Isama ang ginadgad na papaya.
- 3) Painitin ang mantika sa kawali pagkatapos, ibuhos ang 1/4 tasang pinaghalong mga sangkap. Ayusing mabuti ang mga sangkap upang hindi malagay sa iisang tabi lamang.
- 4) Iprito hanggang pumula. Patiktikin. Gumawa ng sarsasuka, bawang, toyo at kaunting harina.

TORTILYA

Mga Sangkap:

- | | |
|---|-------------------------------------|
| 6 | alimasag (nilaga, ibukod ang laman) |
| 1 | patola (hiniwa na pino) |
| 3 | butil na bawang |
| 3 | itlog |
| 2 | sibuyas |
| | mantika |
| | asin at paminta |

Paraaan ng Pagluluto:

- 1) Igisa ang bawang at sibuyas.
- 2) Ilagay ang laman ng talangka at patola.
- 3) Timplahan ng asin at paminta.
- 4) Kung luto na ang patola, ahunin iyon.
- 5) Tigisin ang sabaw sa isang pinggan.
- 6) Magpainit ng 3 kutsarang mantika sa kawali.
- 7) Ibihos ang binating itlog.
- 8) Kapag luto na ang itlog, ilipat iyon sa isang malaking lalagyan.
- 9) Ulagay ang laman ng alimasag na may kasamang patola sa itlog. Balutin ang mga iyon sa itlog.

SARSA/SAWSAWAN

- (1) Timplahan ng toyo at asukal ang sabaw ng talangka at patola.
- (2) Lagyan ng kaunting harina upang lumaput.
- (3) Haysang maluto sa katamtamang init.
- (4) Huwag titigilan ang paghalo hanggang sa maluto.

PANSIT GISADO

Mga Sangkap:

- 1 tasang karneng manok (hinimay)
1/2 tasang hipon binuhusan ng mainit na tubig.
1/2 tasang baka (niluto, hiniwang pahaba at maninipis)
- 1 tasang repolyo (hiniwang maninipis.)
kalamansi, biyakin
- 3 kutsarang toyo
- 1 kilong pansit
- 4 butil na bawang
- 1 sibuyas
- 1 tasang sabaw ng hipon
asin at paminta

Paraan ng Pagluluto:

- 1) Tgisa ang bawang at sibuyas.
- 2) Isahog ang karneng manok, hipon at repolyo.
- 3) Isama ang sabaw ng hipon, toyo at asin (dagdagan ng tubig kung kinakailangan).
- 4) Isama ang pansit kapag kumulo.
- 5) Budburan ng paminta kapag malagit ng maluto.
- 6) Ilipat iyon sa isang bandehado at piguan ng kalamansi pagkatapos.

LUMPIANG UBOD

Mga Sangkap:

- 1/2 kilong giniling na baka
- 5 pirasong tokwa
- 1 malaking sibuyas
- 6 tasang ubod (nilaga)
- 1/2 kilong hipon
- 3 kutsaritang pimenton
- 6 ulo ng bawang (dinikdik)
asin at paminta
balutan ng lumpia

Paraan ng Pagluluto:

- 1) Dikdikin ang ulo at buntot ng hipon. Ibahos ang sabaw nito sa isang mangkok at ilagay sa isang tabi.
- 2) Tadtarin ang ubod.
- 3) Igisa ang bawang, sibuyas at pimenton.
- 4) Isama ang giniling na baka at hipon.
- 5) Isama ang piniritong tokwa.
- 6) Isama ang katas ng hipon.
- 7) Lutuin sa mahinang apoy, pagkatapos, isama ang ubod,
- 8) Isama ang asin at paminta.
- 9) Kapag luto na, palamigin pagkatapos, ibalot sa balat ng lumpia.
- 10) Iprito (kung nais).

SARSA NG LUMPIA

Mga Sangkap:

- 4 kutsaritang gawgaw (ng mais)
- 1/3 tasang asukal na pula
- 1/2 tasang toyo
- 1 1/2 tasang tubig
- 10 ulong bawang (dinikdik)
- 1 kutsaritang mantika

Paraan ng Pagluluto:

- 1) Paghaluin ang gawgaw (ng mais), asukal na pula, toyo at tubig.
- 2) Kapag mainit na ang mantika, ihulog ang bawang.
- 3) Kapag pumula na ang bawang, hanguin iyon.
- 4) Ibuhos sa kawali ang pinaghalong gawgaw (ng mais), asukal na pula, toyo at tubig.
- 5) Huwag ititigil ang paghalo. Hanguin kapag malapot na. Pagkatapos, ilagay ang ginisang bawang.

PINAKBET

Mga Sangkap:

- | | |
|----|--------------------------------|
| 6 | talong |
| 4 | ampalaya |
| 5 | kamatis |
| 1 | sibuyas |
| 3 | kutsaritang bagoong |
| 1 | tasang karneng baka (hiwain) |
| 19 | ulo/butil ng bawang (dinikdik) |

Paraan ng Pagluluto:

- 1) Pag-apatin ang talong at ang ampalaya.
- 2) Hiwain ang kamatis.
- 3) Hiwain nang maliliit ang karneng baka.
- 4) Igisa ang bawang, sibuyas, kamatis, bagoong at karneng baka.
- 5) Isama ang talong, ampalaya at isang tasang tubig, kapag medyo luto na ang karne.
- 6) Timplahan ng asin. Lutuin hanggang sa maging katamtaman na lamang ang lutóng ng gulay.

ATSARANG PAPAYA

Mga Sangkap:

- 8 tasang papayang ginadgad
- 1/2 tasang asin
- 20 butil na bawang (dinikdik)
- 40 sibuyas na Tagalog (hiniwa nang maninipis)
- 2 siling pula
- 2 siling berde
- 1 luyang katamtaman ang laki (hiniwa)
suka (hustong ibabad ang ginadgad na papaya)

Paraan ng Pagluluto:

- 1) Lamasin sa asin ang papaya at pigain pagkatapos.
- 2) Iabad magdamag ang papaya sa suka.
- 3) Kinabukasan, pigaing muli upang maalis ang suka.
- 4) Isama ang bawang, sibuyas na Tagalog, berde at pulang sili at luya. Pagkatapos, ilagay ang pinagsama-samang mga sangkap sa isang malinis na garapon.
- 5) Gumawa ng sirup: Paghaluin ang isang tasang suka (bantuan ng kaunting tubig), 3 kutsarang asukal, at 1/2 kutsarang asin. Pakuluin. Palamigin muna bago ibuhos sa mga pinagsama-samang sangkap na nasa garapon.

GINATAN

Mga Sangkap:

- 1 niyog
- 1 tasang asukal
- 5 saging na saba (hiniwa nang pahilis)
- 5 kamote (tinalupan at hiniwa nang maliliit)
- 2 ubi (tinalupan at hiniwa nang maliliit)
- 6 lamukot ng nangka (hiniwa nang maliliit)
- 3 kutsaritang sago

Paraan ng Pagluluto:

- 1) Kudkurin ang niyog, lamasin, gatain.
- 2) Ibihos ang dalawang tasang tubig sa kinudkod na niyog. Pagkatapos, gataing muli.
- 3) Ibihos ang malabnaw na gata sa kamote, ubi, saging, nangka, at sago. Pagkatapos, lagyan ng asukal.
- 4) Pakuluan. Kapag halos luto na, ibuhos ang malapot na gata ng niyog.

LETSE PLAN

Mga Sangkap:

- | | |
|-----|--------------------------|
| 8 | itlog (alisin ang puti) |
| 1 | tasang asukal na puti |
| 2 | tasang gatas na malabnaw |
| 1/4 | kutsaritang banilya |

Paraan ng Pagluluto:

- 1) Batihin ang itlog pagkatapos, ihalo ang asukal, gatas at banilya.
- 2) Maglagay ng 3-4 kutsarang asukal na puti sa isang hulmahanang maliit pagkatapos, ilagay sa init ng apoy.
- 3) Kapag tunaw na ang asukal, ibuhos nang pantay ang arnibal sa maliit na hulmahan. Ahunin pagkatapos.
- 4) Kapag lumamig na ang arnibal, ibuhos ang mga pinaghalong sangkap na itlog, gatas, asukal at banilya sa maliit na hulmahan.
- 5) Iilagay sa isang malaking kawali na may katamtamang dami ng tubig. Takpan.
- 6) Kapag luto na, ahunin at palamigin. (Palamigin muna bago alisin sa hulmahan).

Mga Paalalang Pantahanan:

- (1) Upang madaling lumambot ang karne at umikli ang oras na magugugol sa pagluluto, lagyan ng ilang patak na suka ang tubig na paglulutuan ng karne.
- (2) Upang maiwasan ang pagtilamsik ng mantika kapag nagpiprito ng karne, lagyan muna ng kaunting asin ang kawali bago ilagay ang mantika.